



Tatlong Kasinungalingang Sasabihin sa Iyo ng mga Saksi ni Jehova

Maraming kasinungalingan ang matatagpuan sa mga Saksi ni Jehova, subali't kulang ang babasahing ito upang ilahad lahat. Sa gabay ng Banal na Espiritu at sa katotohanan ng Biblia, ang tatlong napakahalaga ang sisiyasatin natin.

UNANG KASINUNGALINGAN

“Katuruan sa Pagka-Diyos ni Jesu-Cristo”

Ikinakaila ng mga Saksi ni Jehova ang Pagka-Diyos ni Jesu-Cristo. “...siya ay isang Diyos, subali't hindi ang Makapangyarihang Diyos na si Jehova...” (Let God Be True, p.33 Watch Tower Bible and Tract Society Publications, rev. ed. 1952). Mula pa sa simula, kanilang itinatangi na si Jesu-Cristo ay Diyos na nagkatawang-tao. Ang Salita ng Diyos, Luma at Bagong Tipan, ay nagpapatotoo sa Tatlong Persona ng Pagka-Diyos. Mula sa unang aklat ng Biblia, sabi ng Diyos *“Ating lalangin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis;..”* (Gen. 1:26) hanggang sa huling aklat, napakaraming talata ang tumutukoy sa atlong Persona ng Pagka-Diyos. Itong tatlong ito ay Diyos Ama, Diyos Anak, Diyos Espiritu Santo.

“Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. Siya rin ay sa pasimula pa kasama na ng Diyos. At ang Salita ay naging laman, nanahan sa gitna natin, (at namasdan namin ang kaniyang kaluwalhatian, ang kaluwalhatian gaya ng sa bugtong na insinilang ng Ama,) puno ng biyaya at katotohanan.” (Juan 1:1-2,14) *“Sapaka’t sa kaniya ay nanahan ang buong kapunuan ng Pagka-Diyos sa katawan.”* (Colosas 2:9) *“At upang ang bawa’t dila ay dapat magpahayag na si Jesu-Cristo ang Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Diyos na Ama.”* (Filipos 2:11)

IKALAWANG KASINUNGALINGAN

“Na si Jesu-Cristo ay nabuhay mag-uli na isang Espiritu”

Ikinakaila ng mga Saksi ni Jehova ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesu-Cristo sa laman. Sinasabi nilang Siya ay nabuhay na isang espiritu, o isang “espiritong nilalang” (The Kingdom of the Cults, p.59). Itinuturo ng Biblia na si Jesu-Cristo ay bumangon mula sa mga patay na may pisikal at pang-langit na katawan. Sinabi ni Jesus na Siya’y babangon muli sa katawan. *“Si Jesus ay sumagot at nagsabi sa kanila, Gibain ang templong ito, araw ay sa tatlong araw ay itatayo ko ito. Datapuwa’t sinabi niya ang tungkol sa templo ng kaniyang katawan.”* (Juan 2:19,21)

Si Jesus ay namuhay pa ng apatnapung araw matapos mabuhay na mag-uli at Siya’y nakita ng napakarami. *“Sapagka’t ibinigay ko sa inyo nang una sa lahat yaong akin ding tinanggap, kung paano na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan alinsunod sa mga kasulatan; at kung paanong siya ay inilibing, at kung paanong siya ay muling bumangon sa ikatlong araw alinsunod sa mga kasulatan: At kung paanong siya ay nakita ni Cefas, pagkatapos ay sa labindalawa: Pagkatapos niyon, siya ay nakita ng mahigit na limang daang mga kapatid nang minsanan; na sa kanila ang mas maraming bahagi ay nanantliti hanggang sa kasalukuyan, datapuwa’t ang ilan ay nakatulog na.”* (1 Cor. 15:3-6)

Hindi lang sa nakita Siya ng marami kundi nakasama pa Niyang kumain ang mga alagad. *“Masdan ang aking mga kamay at aking mga paa, na ito ay ako mismo: hawakan ako,*

at tingnan; sapagka't ang isang espiritu ay walang laman at mga buto, gaya ng nakikita ninyong mayroon ako. At nang siya ay gayong nakapagsalita, ay ipinakita niya sa kanila ang kanyang mga kamay at kaniyang mga paa. At samantalang sila ay hindi makapaniwala dahil sa kagalakan, at namamangha, ay sinabi niya sa kanila, Mayroon ba kayo rito ng anumang pagkain? At siya ay binigyan nila ng isang piraso ng inihaw na isda, at ng buhay-pukyutan. At kinuha niya ito, at kinain sa harap nila.” (Lucas 24:39-43)

IKATLONG KASINUNGALINGAN

“Na Walang Impiyerno”

Itinuturo ng mga Saksi ni Jehova na “...Ang impiyerno sa Biblia ay ang pangkaraniwang libingan ng mga tao...” (Let God Be True p. 92). Ang katotohanan ay makikita sa Biblia. Napakaraming babala ang ibinigay ni Jesu-Cristo tungkol sa impiyernong walang hanggang kaparusahan at paghihirap. “*At ang usok ng kanilang poghihirap uy pumapailanlang magpakailan at kailan man: at sila ay walang kapahingahan sa araw ni sa gabi....*” (Pahayag 14:11) Sinabi ni Jesus sa Marcos 9:48b, “...*at ang apoy ay hindi naapula*” Sinabi Niya sa Mateo 5:22 “...*apoy ng impiyerno.*” Sa Lucas 16:23, sinasabi ng Biblia tungkol sa mayamang lalaki na namatay at napunta sa impiyerno “*At sa impiyerno ay itiningala niya ang kaniyang mga mata, na nasa pagdurusang...*” at sa talata 24, sabi niya, “...*sapagka't ako ay nagdurusang sa apoy na ito.*” Sa Pahayag 20:15, sabi ng Salita ng Diyos, “*At sinuman ang hindi nasumpungang nasusulat sa aklat ng buhay ay inihagis sa lawa ng apoy.*”

Napakadaling makita na ang katuruan ng mga Saksi ni Jehova ay puro kasinungalingan at pagbabaluktot ng Salita ng Diyos. Sila ay mali noong una pa. Huwag magpadaya sa kanilang kasinungalingan kundi paniwalaan ang Salita ng Diyos. Ang totoo ay hindi ka dapat mapunta ng impiyerno, dahil namatay na si Jesus bilang kabayaran ng ating mga kasalanan ng ibinuhos niya ang Kaniyang dugo sa krus ng Kalbaryo. “*Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay*

kamatayan; datapuwa't ang kaloob ng Diyos ay walang-hanggang buhay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon.” (Roma 6:23)

Mayroong lugar na inihanda sa langit para sa iyo, kung sa pananampalataya ay tatanggapin mo si Jesus bilang sariling Tagapagligtas. *“Sinabi ni Jesus sa kaniya, Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay: walang taong makalalapit sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.” (Juan 14:6) “Sapagka't gayon inibig ng Diyos ang sanlibutan, na ipinagkaloob niya ang kaniyang bugtong na isinilang na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kaniya ay hindi dapat mapahamak, kundi magkaroon ng walang-hanggang buhay. Sapagka't hindi isinugo ng Diyos ang kaniyang Anak sa sanlibutan upang hatulan ang sanlibutan; kundi upang ang sanlibutan sa pamamngitan niya nawa ay maligtas. Siya na sumasampalataya sa Anak ay may walang-hanggang buhay: at siya na hindi sumasampalataya sa Anak ay hindi makikita ang buhay; kundi ang poot ang Diyos ang nananahan sa kaniya.” (Juan 3:16-17,36)*

Tatanggapin mo ba si Jesus ngayon bilang Tagapagligtas? Siya lamang ang makakapagligtas sa iyo. Kung pinaniniwalaan mo ang Biblia at tinatanggap si Jesus bilang sariling Tagapagligtas, ngayon din ikaw ay may buhay na walang hanggan. Sana ay ipadala mo sa amin ang iyong pangalan upang matulungan ka pa namin.

Kung tinanggap mo si Jesu-Cristo bilang sariling tagapagligtas matapos basahin ang pulyeton ito, sana'y aming malaman sa pamamagitan ng pagpapadalang muli ng babasahing ito.

Pangalan _____

Tirahan _____

Siyudad _____ Zip _____

Probinsiya _____ Edad _____



FELLOWSHIP TRACT LEAGUE

P.O. BOX 164 • LEBANON, OH 45036

www.fellowshiptractleague.org © Tract 6032 (Tagalog)

All tracts free as the Lord provides. Not to be sold.